# Pagkakaroon ng Kalakasan sa Diyos

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Ano ang tatlong pangunahing bagay na ginagawa mo upang magkaroon ng panibagong lakas?
- Magkuwento tungkol sa pinakanakakapagod na gawaing ginawa mo kamakailan lang.
- Ano ang isang bagay na hiniling mong gawin para sa iyo ng isang mas malakas na tao? Ano ang nangyari?

## WORD

*[30]Kahit ang mga kabataan ay napapagod, nanlulupaypay at nabubuwal, [31]ngunit ang mga nagtitiwala sa PANGINOON ay muling magkakaroon ng lakas. Lilipad sila na gaya ng isang agila. Tumakbo man sila ay hindi mapapagod. Lumakad man sila ay hindi manghihina.* **ISAIAS 40:30–31**

Sinabi ni Isaias ang mga salitang ito sa mga mamamayan ng Diyos habang sila ay nasa ibang bayan bilang mga bihag. Nais niyang umasa sila sa Diyos para sa kanilang pagpapanumbalik. Anumang henerasyon ang kinabibilangan natin, lahat tayo ay *napapagod, at nanlulupaypay*. Subalit sa pamamagitan ni Isaias, ipinangako ng Diyos na *ang mga nagtitiwala sa PANGINOON ay muling magkakaroon ng lakas*. Ano ang tatlong bagay na maaari nating matutunan mula sa Kasulatang ito?

## 1 Tayo ay napapagod at nanlulupaypay.

*Kayong mga mamamayan ng Israel na lahi ni Jacob, bakit kayo nagrereklamo na ang inyong mga panukala at mga karapatan ay binalewala ng Diyos?* **ISAIAS 40:27**

Sa kanilang pagkabihag, pakiramdam ng mga mamamayan ng Diyos ay hindi Niya sila nakikita o pinakikinggan. Ang bagay na ito na paulit-ulit na nangyayari, ay nararanasan pa rin natin maging sa kasalukuyan. Sa buhay na ito, ang pagkabigo at pagod ay hindi maiiwasan. Sa kasalukuyang panahon, binibigyang diin ng mga tao ang kahinaan at labis na pagod ng isang indibidwal sa halip na labanan o ikaila ito. Bagama't hindi ito mali, hindi ito dapat na huminto dito. Ipinapangako ng Diyos ang mas malaking pag-asa para sa mga napapagod at nanlulupaypay. Magbahagi ng isang pagkakataon sa nakaraang mga buwan na nakaramdam ka ng pagkapapagod at panlulupaypay, kahit pa ikaw ay isang tagasunod ni Cristo.

## 2 Ang Diyos ay walang hanggan.

*[28]Hindi n'yo ba alam o hindi n'yo ba narinig na ang PANGINOON ay walang hanggang Diyos na lumikha ng buong mundo? Hindi siya napapagod o nanghihina at walang nakakaarok ng kanyang isip.*
*[29]Pinalalakas niya ang mga nanghihina at ang mga napapagod.*
**ISAIAS 40:28–29**

Sinabi ni Isaias na kung ang mga Israelita ay may mga ganitong katanungan at nagdududa kung sila nga ba ay naririnig ng Diyos, nangangahulugang hindi nila naunawaan kung sino ang Diyos. Ipinaalala niya ito sa kanila: Ang Diyos ay walang hanggan at Tagapaglikha ng buong mundo; Alam Niya at nauunawaan Niya ang lahat ng bagay, at hindi Siya katulad natin na napapagod. At bilang ang mabuti at mahabagin nating Diyos, binibigyan Niya ng kalakasan ang mga napapagod at nanlulupaypay sa atin. Gaano kadalas tayo dapat mapaalalahanan kung sino ang Diyos? Paano nakapagdadala ng kaginhawaan ang katotohanan na ang Diyos ay mas nakahihigit sa anumang sitwasyong mayroon tayo?

## 3 Ipinapanumbalik ng Diyos ang ating lakas.

*[30]Kahit ang mga kabataan ay napapagod, nanlulupaypay at nabubuwal, [31]ngunit ang mga nagtitiwala sa PANGINOON ay muling magkakaroon ng lakas. Lilipad sila na gaya ng isang agila. Tumakbo man sila ay hindi mapapagod. Lumakad man sila ay hindi manghihina.* **ISAIAS 40:30–31**

Ang *nagtitiwala sa PANGINOON* ay tumutukoy sa mga nakaabang nang may ganap na pag-asa sa paparating na mabuting bagay. Nakakaranas man tayo ng pagkabigo at ang kinabukasan natin ay hindi malinaw, tulad ng mga Israelita na bihag sa ibang bayan, tayo pa rin ay sabik na naghihintay sa Diyos dahil hindi natin mapagtatagumpayan ang ating kabiguan at mga paghihirap sa pamamagitan ng sarili nating lakas. Maging ang kabataan na kilala sa lakas ng kanilang damdamin at pisikal na pangangatawan ay napapagod din. Subalit maaari tayong umasa sa ating walang hanggang Diyos na Siyang magbibigay sa atin ng kalakasan kung tayo ay magtitiwala sa Kanya. Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pagtitiwala sa Panginoon sa kasalukuyan mong sitwasyon?

## APPLICATION

- Ano ang natutunan mo ngayon tungkol sa paghihintay sa Diyos? Mayroon bang kailangang magbago sa iyong pag-iisip upang masimulan mong maghintay sa Kanya para sa pagpapanumbalik ng iyong kalakasan? Paano muling pinalalakas at binabago ng Diyos ang iyong kaluluwa?
- Minsan ba ay nararamdaman mo na tila hindi ka naririnig o nakikita ng Diyos? Ano ang katotohanan tungkol sa katangian ng Diyos na maaari mong panghawakan? Maglaan ng panahon ngayong linggo upang ipanalangin ang iyong sitwasyon at pag-isipan ang katapatan ng Diyos sa iyo.
- Kabisaduhin ang Isaias 40:30–31. Panghawakan ang Kasulatang ito sa mga sitwasyong nakakaramdam ka ng pagod at panghihina.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kung sino Siya at sa buong kagustuhan Niyang ibigay ang Kanyang kalakasan sa sinumang napapagod at nanlulupaypay. Pasalamatan Siya sa Kanyang pagmamahal, habag, at pang-unawang ganap na nakakaalam ng pinagdaraanan natin.
- Ipanalangin na pasiglahin ng Diyos ang iyong kaluluwa sa bawat araw. Ipanalangin na ibalik Niya ang iyong lakas at muling buhayin ang iyong damdamin upang higitan nito ang anumang iharap sa iyo ng mundo.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan o kapamilya na alam mong dumaraan sa sitwasyon kung saan nakakaramdam sila ng pagod at panghihina. Hingin sa Diyos ang karunungan at tapang upang mapalakas mo ang kanilang loob.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph